Isang Gabay ng Magulang Para sa Pag-unawa sa

Smarter Balanced Summative Assessments

Maraming paraan para masukat ang pagkatuto ng iyong anak. Ginagamit ng guro ng iyong anak ang mga grado sa report card, gawain sa silid-aralan, mga obserbasyon ng guro, at mga resulta ng pambuong estadong pagsusulit sa katapusan ng taon para makuha ang kumpletong larawan ng pagkatuto ng iyong anak.

Sino ang Kumukuha ng mga Pagsusulit na Ito?

Ang lahat ng estudyante sa baitang 3–8 at 11 ay kukuha ng pagsusulit ng estado para sa sining sa wikang Ingles at matematika. Ang mga pagsusulit na ito ay tinatawag na Smarter Balanced summative assessments.

Bakit Kinukuha ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Tutukuyin ng mga resulta kung saan mahusay ang iyong anak o kung saan pa siya nangangailangan ng tulong, para mas masuportahan mo ang pagkatuto nila sa tahanan at mas masuportahan ng mga guro ang pagkatuto nila sa silid-aralan.

Kailan Kukunin ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Pinipili ng bawat paaralan ang sarili nitong panahon ng pagsusulit sa tagsibol. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa inyong paaralan tungkol sa mga espesipikong petsa at oras ng pagsusulit.

Paano Kinukuha ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Ang mga pagsusulit na ito ay isinasagawa sa computer na nagpapahintulot sa iyong anak na tumugon sa mga tanong sa iba't ibang paraan. Halimbawa, maaaring hilingin sa iyong anak na i-drag at i-drop ang mga bagay mula sa isang lugar sa screen tungo sa iba pa o mag-drawing ng graph para ma-solve ang problema.

Anong mga Materyales ang Makukuha?

Magkaka-access ang iyong anak sa mga materyales na kailangan nila kapag kinukuha ang pagsusulit na ito, gaya ng calculator sa baitang 6–8 at 11, glosari, o highlighter. Tumutulong ang mga materyales na ito para mas ma-access ng iyong anak ang pagsusulit at hindi nakakaapekto sa mga iskor sa anumang paraan. Pwede mong kausapin ang guro ng iyong anak tungkol sa iba pang makukuhang materyales na maaaring makatulong sa iyong anak.

Paano Ko Matutulungan ang Anak Ko?

- Ipaalala sa iyong anak na gusto mo at ng kaniyang guro na gawin niya ang kaniyang buong makakaya at nariyan ka para tulungan siya sa bawat pagkakataon.
- Magpunta sa website ng Starting Smarter para mas maunawaan ang Mga Ulat sa Iskor ng Estudyante, suriin ang mga halimbawang tanong, at i-access ang mga materyales para suportahan ang pagkatuto ng iyong anak.
- Kumuha ng praktis na pagsusulit kasama ang iyong anak mula sa CAASPP at ELPAC Practice and Training Tests web page.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga iskor ng iyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak at/o sa opisina ng paaralan.

Marso 2025